Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG MARSO 28, 2011, LUNES, SA GANAP NA IKA- 10:05 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 127-T2011**

**KAPASIYAHANG NAGPAPAABOT NG PAGKILALA AT PAGPAPARANGAL KAY JANA IRISH LUV FABELLA SARMIENTO, NAGKAMIT NG IKALAWANG PUWESTO SA PAGBASA AT PAGSULAT SA FILIPINO, MAG-AARAL NG SANTA CRUZ CENTRAL SCHOOL, SANTA CRUZ, LAGUNA MULA SA NAGANAP NA 2011 REGIONAL EARLY LEARNERS ACADEMIC SKILLS COMPETITION (RELASC) FOR PUBLIC AND PRIVATE PRESCHOOLS NOONG MARSO 8, 2011 SA LCC AUDITORIUM, LUNGSOD NG CALAMBA.**

**SAPAGKA'T,** si Jana Irish Luv Fabella Sarmiento na nagtaglay ng may natatangi at kahanga-hangang talento ay tunay na nakapagpapaganda, nakapagpapasaya at nagpapalugod sa imahen ng paaralang kanyang pinapasukan.

**SAPAGKA'T,** taglay niya ang pangalan ng bayang ito na nagtitiwala sa kakayahan ng paaralan, maging sa mga batang nagmumula rin sa kakayahan at kagalingan ng mga gurong sa kanila'y nagturo at gumabay sa pag-aaral;

**SAPAGKA'T,** ang kanilang taglay na husay at talino ay magsisilbing isang halimbawa sa hanay ng mga batang sa murang isipa'y magdadala ng magandang kinabukasan sa magulang, sa paaralan at sa bayan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Laarni A. Malibiran (Tagapamuno ng Lupon sa Edukasyon), na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Magpaabot ng pagkilala at pagpaparangal kay Jana Irish Luv Fabella Sarmiento, nagkamit ng ikalawang puwesto sa Pagbasa at Pagsulat sa Filipino, mag-aaral ng Santa Cruz Central School, Santa Cruz, Laguna mula sa naganap na 2011 Regional Early Learners Academic Skills Competition (RELASC) for Public and Private Preschools noong Marso 8, 2011 sa LCC Auditorium, Lungsod ng Calamba.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Santa Cruz Central School at Jana Irish Luv Fabella Sarmiento, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Marso 28, 2011**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO:

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan